



Mga Karapatan at Pananagutan sa General Relief

LAYUNIN NG FORM NA ITO: Ang form ito ay nagsasabi sa iyo ng tungkol sa iyong mga karapatan at pananagutan kapag nag-aaplay ka o tumatanggap ng General Relief (GR). Dapat mong suriin at unawain ang mga ito kapag nag-aaplay ka para sa GR.

Kung pumirma ka sa form na ito, sumasang-ayon ka na nauunawaan mo ang iyong mga karapatan at pananagutan.

Kung hindi mo pirmahan ang form na ito, ang iyong aplikasyon sa GR ay hindi kumpleto.

Kapag ikaw ay nag-aaplay o tumatanggap ng General Relief (GR), may karapatan ka na:

1. Tratuhin nang may paggalang.
2. Paglingkuran, anuman ang iyong lahi, kulay, paniniwala, bansang pinagmulan, relihiyon, panig sa pulitika, katayuang matrimonyal, kasarian, kapansanan o edad.
3. Mag-file ng reklamo kung naniniwala ka na ikaw ay nadiskrimina.
4. Humingi ng tulong upang mag-aplay para sa GR o upang makumpleto ang anumang mga kinakailangan sa GR kung mayroon kang kapansanan. Maaari kang humingi ng tulong sa pamamagitan ng:
 - o Pakikipag-usap sa sinumang manggagawa sa Department of Public Social Services (DPSS).
 - o Pagtawag sa Hotline ng Americans with Disabilities Act (ADA) sa (844) 586-5550.
5. Kumuha ng impormasyon mula sa DPSS sa iyong wika.
6. Magkaroon ng isang tagasalin kapag bumisita ka sa isang tanggapan ng DPSS.
 - o Walang bayad para sa serbisyong ito.
 - o Maaari mong gamitin ang iyong sariling tagasalin kung ito ang pinili mo.
7. Maproseso ang iyong aplikasyon sa napapanahong paraan.
8. Bawiin ang iyong aplikasyon sa GR bago ipaalam sa iyo ng DPSS kung makakakuha ka ng mga benepisyo ng GR.
9. Makatanggap ng isang paunawa kung ang iyong aplikasyon sa GR ay tinanggihan.
 - o Kabilang sa paunawa ang (mga) dahilan sa pagtanggihan ng mga benepisyo.
 - o Kung hindi ka sumasang-ayon, maaari mong hamunin ang pagtanggihan sa pamamagitan ng:
 - Pakikipag-usap sa iyong Manggagawa sa DPSS
 - Pakikipag-usap sa tagapamahala ng iyong Manggagawa sa DPSS
 - Pakikipag-usap sa isang a DPSS Denial Complaint Liaison.
10. Tumanggap ng isang sulat na paunawa na hindi kukulangin sa sampung araw bago mabawasan o wakasan ang alinman sa iyong mga benepisyo.
 - o Kasama sa paunawa ang:
 - Ang (mga) dahilan para sa pagbabago.
 - Ang petsa para sa pagdinig tungkol sa pagbabago.
 - o Kung hindi ka sumasang-ayon maaari mong hamunin ang bagbago sa iyong pandinig.
 - May karapatan kang magdala ng isang saksi o katibayan sa pagdinig na ito.
 - Ang opisyal na namumuno sa pagdinig ay isang walang pinapanigang partido.
11. Hamunin ang anumang paunawa na kailangan mong bayaran sa pandinig dahil sa sobrang pagbabayad ng County.
 - o May karapatan kang magdala ng isang saksi o katibayan sa pagdinig na ito.
 - o Ang opisyal na namumuno sa pagdinig ay isang walang pinapanigang partido.
12. Pumili ng isang taong pinagkakatiwalaan mo upang gumawa ng mga pagpapasiya para sa iyo at para makipag-usap sa DPSS tungkol sa iyong kaso.
 - o Ang taong ito ay maaari ring makatulong sa iyo na punan ang mga form at mag-ulat ng mga pagbabago para sa iyo.
 - o Kung pipili ka ng isang tao, ang taong ito ang iyong magiging "Pinahintulatang Kinatawan".
 - o Maaari kang makipag-usap sa iyong Manggagawa sa DPSS upang malaman pa ang tungkol sa Pinahintulatang Kinatawan.
13. Pumili ng isang taong pinagkakatiwalaan mo upang ma-access at gastusin ang iyong mga benepisyo sa GR.
 - o Kung pipili ka ng isang tao, ang taong ito ang iyong magiging "Alternatibong Tagapangasiwa".
 - o Maaari kang makipag-usap sa iyong Manggagawa sa DPSS upang malaman pa ang tungkol sa "Alternatibong Tagapangasiwa".



14. Panatiliing kompidensiyal ang mga rekord ng kaso. Ang mga taong maaari lamang na makakita ng iyong rekord ng kaso ay:
 - o Mga opisyal ng County o Estado na nangangasiwa o namumuno sa Programa ng GR.
 - o Isang County Grand Jury.
 - o Pulisya.
15. Tingnan ang iyong mga talaan ng kaso, maliban sa anumang 'pribilehiyong impormasyon', na kung saan ay natatanggap ng DPSS ang impormasyon na:
 - o Walang pahintulot ang DPSS na ibahagi.
 - o Naglalaman ng kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa ibang tao.
16. Magpatulong sa DPSS kung gusto mong magparehistro upang bumoto.
17. Makatanggap ng mga serbisyong pangkagipitan, kung ikaw ay:
 - o Karapat-dapat para sa GR.
 - o Naghihintay ng pag-apruba para sa GR.
 - o Hindi karapat-dapat para sa programa ng CalFresh.Maaaring kabilang sa mga serbisyong pangkagipitan ang:
 - o Mag hotel voucher.
 - o Mga food voucher.
 - o Mga voucher sa transportasyon para sa mga pulong na may kaugnayan sa mga serbisyo ng DPSS.
18. Mag-aplay para sa mga benepisyo ng Medi-Cal.
19. Mag-aplay para sa mga benepisyo ng CalFresh.
20. Humingi ng libheng legal na payo o tulong sa isang pagdinig sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Tanggapan ng Legal na Tulong.
21. Pumili ng iyong sariling sistema ng pamumuhay at lokasyon sa loob ng County ng Los Angeles.
22. Gumamit ng isang PO Box o anumang mailing address sa LA County upang matanggap ang iyong koreo.
23. Gamitin ang tanggapan ng distrito kung saan ka nag-aplay bilang iyong mailing address para sa koreo na may kaugnayan sa DPSS. Kung pipiliin mo ang opsyong ito, dapat mong kunin ang mga sulat dito isang beses/linggo.
24. Humiling ng bagong Manggagawa ng DPSS o bagong manggagawa sa programa ng Pagkakataon para sa Trabaho sa General Relief (GROW) na itinalaga sa iyo.

Kapag ikaw ay nag-aaplay o tumatanggap ng General Relief (GR), may pananagutan ka na:

1. Magbigay sa DPSS ng lahat ng mga dokumento na kinakailangan upang matukoy kung karapat-dapat ka sa GR.
2. Magbigay sa DPSS ng lahat ng mga dokumento na kinakailangan upang matukoy ang halaga ng iyong benepisyo.
3. Sundin ang lahat ng mga kinakailangan sa programa ng GR.
4. Panatilihin ang lahat ng iyong mga tipanan.
 - o Ipaalam sa iyong Manggagawa sa DPSS kung hindi ka makakarating sa iyong tipanan.
5. Sumunod sa mga programa ng GROW.
 - o Ikaw ay di-saklaw kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa isang kondisyon sa kalusugang pampisikal o pangkaisipan.
 - Kailangan mong magbigay ng patunay mula sa isang tagabigay ng medikal o kalusugang pangkaisipan.
 - Ang isang manggagawa ng DPSS ay magpapaliwanag kung paano magbigay ng katibayan kapag nag-aplay ka para sa GR.
6. Mag-aplay at tanggapin ang kita na kwalipikado ka. Kabilang sa mga halimbawa ang:
 - o Mga Benepisyo ng Seguro sa Kawalan ng Trabaho.
 - o Mga Benepisyo ng Seguro sa Kapansanan.
 - o Mga Kita sa Seguro Sosyal.
7. Tingnan ang iyong sulat isang beses sa isang linggo para sa mga paunawa mula sa DPSS.
 - o Kung ikaw ay walang tirahan at walang mailing address, dapat mong tingnan ang mga sulat sa tanggapan ng GR.
 - o Maaari mo ring tingnan ang mga paunawa ng DPSS sa website ng DPSS na Your Benefits Now (YBN) (dpss.lacounty.gov).



8. Kumpletuhin at isumite ang General Relief Quarterly Report, QR 7 LA, sa ikasampung araw ng buwan na ito ay dapat isumite.
- o Ang nahuling GR Quarterly Report ay maaaring magbunga ng pagkaantala at/o pagtigil ng mga benepisyo.
 - o Maaari mong isumite ang QR7-LA sa pamamagitan ng koreo o sa paggamit ng website ng YBN.
 - o Tandaan na ang ilang mga tao ay maaaring hindi na kailangang kumpletuhin ang GR Quarterly Report. Tanungin ang iyong Manggagawa sa DPSS para sa mga detalye.
9. Mag-ulat ng mga pagbabago na maaaring makaapekto sa iyong mga benepisyo sa GR sa loob ng **limang araw** mula sa petsa na nangyari ang pagbabago. Dapat kang mag-ulat ng mga pagbabago sa pamamagitan ng:
- o Pagtawag sa Customer Service Center sa 866-613-3777 o
 - o Pagkumpleto ng GR Mid-Quarter Status Report (QR3) AT ng QR 7-LA.
- Mga pagbabago na nakakaapekto sa mga benepisyo sa GR:
- o Bagong kinitang kita na \$203 o higit pa bawat buwan kada tao.
 - Ang kinitang kita ay pera mula sa anumang uri ng trabaho.
 - o Bagong hindi kinitang kita na \$25 o higit pa bawat buwan kada tao.
 - Ang kinitang kita ay pera na nakukuha mo mula sa ibang bagay maliban sa isang trabaho. Kabilang sa mga halimbawa ang:
 - Mga Benepisyo ng Seguro sa Kawalan ng Trabaho.
 - Seguro sa May Kapansanan ng Estado.
 - Mga benepisyo ng mga Beterano.
 - o May isang tao na lumipat o umalis sa iyong sambahayan.
 - o Mayroon kang bagong tirahan.
 - o Ikaw ay nakulong o pinalabas sa kulungan.
 - o May isang tao sa iyong sambahayan na tumatakas upang maisawasan ang pag-uusig o pagkapiit/pagkakulong pagkatapos ng isang napatunayang pagkakasala.
 - o Ang Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos (United States Citizenship and Immigration Services) ay gumawa ng desisyon sa iyong T o U Visa.
- Tandaan: Iulat ang lahat ng iba pang mga pagbabago sa iyong tatluhang-buwang ulat.
10. Bayaran ang County kung nakatanggap ka ng mga benepisyo na hindi mo dapat natanggap dahil:
- a) nagkamali kami o
 - b) hindi ka karapat-dapat.
- Maaari mong bayaran ang County sa pamamagitan ng:
- o Pagbabawas ng iyong tulong sa GR.
 - o Pagtigil ng iyong GR ng ilang panahon.
11. Kung nag-aaplay ka para sa Supplementary Security Income (SSI)/ State Supplementary Payment (SSP), ang anumang GR na natanggap mo ay maaaring ibawas mula sa iyong unang tseke

Lagda ng Aplikante/Tagatanggap

Petsa

Asawa/Domestic Partner/Kinatawan

Petsa